Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RELEASED
06 JUL 2026
CTRL No.: 2026 - 07 - 314

**1 Hulyo 2026**

**MEMORANDUM PANTANGGAPAN**
**Blg.** 314 **, s. 2026**

**MGA GABAY AT PAMANTAYAN SA PAGDALO SA SEREMONYA NG WATAWAT**

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Tagamasid
Mga Superbisor sa Programang Edukasyon
Mga Pinuno ng bawat Tanggapan
Lahat ng Kawani

1. Alinsunod sa Republic Act No. 8491 o *Flag and Heraldic Code of the Philippines* at DepEd Order No. 50, s. 2015 na may pamagat na *Observance/Conduct of Flag Raising and Lowering Ceremonies and Proper Sequence in Official DepEd Programs Involving the Singing of the Philippine National Anthem*, ang lahat ng tanggapan ng pamahalaan at mga institusyong pang-edukasyon ay inaatasang magsagawa ng **Pagtataas ng Watawat (*Flag Raising Ceremony*) tuwing Lunes** at **Pagbababa ng Watawat (*Flag Lowering Ceremony*) tuwing Biyernes ng hapon** bilang pagpapakita ng paggalang sa watawat, pambansang awit, at pagpapahalaga sa diwang makabayan.

2. Kaugnay nito, ipatutupad ng Tanggapapang Pansangay ng Lungsod Iriga ang sumusunod na patakaran upang matiyak ang maayos, disiplinado, at pare-parehong pagsasagawa ng seremonyang ito:

**A. Pagdalo (Attendance)**. Itatala ng Seksiyong Pantauhan c/o Gng Maria Lourdes B. Bayta batay sa kumpirmasyon ng bawat pinuno ng tanggapan, ang pagdalo ng bawat kawani maliban lamang kung:
- nasa opisyal na travel o opisyal na gawain;
- nasa aprubadong leave;
- may agarang tungkuling hindi maaaring iwanan at may pahintulot ng agarang superbisor; o
- may iba pang makatarungang dahilan na kinikilala ng tanggapan.

**B. Iskedyul at Pormasyon (Proper Formation)**

b.1 **Flag Raising (Lunes):** Magsisimula nang eksaktong **ika-8:00 ng umaga**. Sa ganap na **7:50 ng umaga**, makakarinig ng tatlong maiikling magkakasunod na tunog ng bell na gagawin ng Host Team. Ito ang hudyat na maaari nang bumaba at puwesto ang lahat sa itinalagang lugar, upang makapagsimula sa itinakdang oras.

b.2 **Flag Lowering (Biyernes):** Magsisimula sa ganap na **ika-4:55 ng hapon**. Sa ganap na **4:50 ng hapon**, patutunugin ng host team ang bell ng tatlong maikling magkakasunod bilang hudyat ng pagtitipon sa kani-kanilang lugar.

b.3 **Pormasyon at Aktibong Paglahok:** Ang bawat seksiyon o dibisyon ay dapat pumila nang maayos at tuwid ayon sa kanilang yunit na nakaharap sa flagpole. Ilagay ang kanang palad sa kaliwang dibdib habang inaawit ang *Lupang Hinirang*; makiisa sa pagbigkas, pag-awit at pakikinig sa daloy ng palatuntunan upang makaiwas sa anumang gawaing makaaabala sa seremonya.

**C. Pamamahala at Logistika**

c.1 Magkakaroon ng nakatalagang **Host Team** bawat linggo (*tingnan ang listahan ng bawat pangkat)* na siyang mamamahala sa buong daloy ng programa at pagtatalaga ng tagapagdaloy*(emcee).*

c.2 Ang **Tanggapan ng ICT *(c/o Gng. Marshia N. Belen)*** ang direktang may pananagutan sa paghahanda at pagtiyak ng maayos na kagamitan gaya ng **mikropono** at **portable sound system** bago magsimula ang programa.

**D. Tungkulin ng Host Team**

d.1 Ihahanda ang daloy ng palatuntunan at mangunguna sa pagsasagawa ng seremonya.

d.2 Magtatalaga ng tagapagdaloy na siyang tatawag nang isahan (a-f) sa sumusunod na bilang ng programa sa Pagtataas ng Watawat:

- **a) Pag-awit ng Lupang Hinirang**
- **b) Panalangin**
- **c) Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas**
- **d) Panunumpa ng Lingkod Bayan**
- **e) Pahayag ng Patakarang Kalidad ng Edukasyon**
- **f) Pag-awit ng SDO Iriga City March**
  *Samantala, ang pag-awit nito ay mapapalitan ng Bicol Regional March sa tuwing Una at Ikaapat na Lunes ng buwan; Awit ng Serbisyo Sibil sa tuwing Ikalawang Lunes; at Bagong Pilipinas Hymn sa Ikatlong Lunes)*
- **g) Pagkilala ng mga Dumalo (Iuulat ng bawat puno ng tanggapan)**
- **h) Gintong Butil ng Karunungan (Tuwing Una at Ikatlong Lunes)**
  **Gabay Pangkalusugan (Tuwing Ikalawa at Ikaapat na Lunes)**
- **i) Pabatid/Anunsiyo -Mga Puno ng Tanggapan**
- **j) Pagbati -Kawaksing Tagapamanihala**
- **k) Mensahe -Nanunuparang Tagapamanihala**

d.3 Bilang **tagapagdaloy,** inaasahan na maging malinaw, mabilis at direkta ang pagtawag sa mga kawaning bahagi ng programa. Kung kaya't inaasahang nakaposisyon na ang magtataas ng watawat *(flag raisers)*, at ang lahat na kasama sa daloy ng programa bago simulan ang seremonya. Iwasan ang pagbanggit ng mahahabang pagpapakilala, pagbibiro o paggamit ng masyadong kaswal na salita habang nasa pormal na bahagi ng seremonya. Mananatili ang tagapagdaloy sa paanan ng flagpole sa panahon ng seremonya, maliban lamang kung masama ang panahon.

d.4 Sa mga naatasang **magtataas ng watawat** (Flag Raisers), huwag hayaang sumayad sa lupa, mesa, o anumang bagay ang watawat habang ito ay itinataling mag-isa o tinatanggal sa flagpole. Sa sandaling tumugtog ang Pambansang Awit (Lupang Hinirang), hindi kailangang sabayan ito ng taga-kumpas, maliban na lang kung walang kasamang titik o lyrics ang tugtog. Siguraduhing maayos na nakakabit ang watawat sa tali (halyard) at ang asul na bahagi ay nasa itaas.

Kasabay ng pagtugtog o pag-awit ng unang nota ng *Lupang Hinirang*, hilahin agad ang watawat pataas nang mabilis at tuloy-tuloy sa dulo ng flagpole. Kapag nasa pinakatuktok na ito, ayusin at itali ito sa paraang figure eight knot pagkatapos ng huling nota ng musika. Kung isasabit ito sa dingding ng gusali, tiyaking ang **bughaw (blue)** na bahagi ay dapat laging nasa itaas (kapag nakasabit nang pahalang) o nasa kaliwa ng tumitingin (kapag nakasabit nang patayo).

d.5 Samantala sa **pagbaba ng watawat**, marahan itong ibaba habang inaawit ang Lupang Hinirang tuwing Biyernes sa ganap na ika-4:55 ng hapon. Makaririnig muli ng tatlong magkakasunod na maikling tunog mula sa bell, bilang hudyat sa pagtipon sa kani-kanilang lugar. Mananatili ang lahat sa harapan ng flagpole, habang hinihintay na matiklop nang lubusan ang watawat at inaawit ang isang makabayang awitin gaya ng "Pilipinas Kong Mahal".

d.6 Bilang **panapos na bilang**, isang maikling pananalita ang sasambitin ng Tagapamanihalang Pansangay para sa lahat bilang pabaong pasasalamat sa isang produktibong linggo.

3. Ang pagdalo sa Flag Ceremony ay ituturing na bahagi ng opisyal na oras ng trabaho. Kung kaya't itatala ito nang maayos ng Tanggapang Pampangasiwaan (Admin Office).

4. Ang pagliban sa Flag Ceremony nang walang katanggap-tanggap na dahilan ay ituturing na paglabag sa umiiral na mga alituntunin ng Civil Service Commission (CSC) at DepEd.

5. Para sa agarang diseminasyon at mahigpit na pagtalima.

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

*SP: AMR:ros/07012026*

*Kalakip Blg. 1*

| GROUP 1 | GROUP 2 |
|---|---|
| TORALDE JERSON V. | CABALTERA, NOEL G. |
| BERMEJO, SALVACION E. | BONA, RANDY A. |
| PILI, BELEN B. | BAYTA, MARIA LOURDES B. |
| *SALCEDO, QUENNIE MAE R.* | *VELASCO, ROMMEL C.* |
| BONGON, ANA MELBA M. | BAAL, RONNA MAE T. |
| UBONGEN, MARYJANE L. | TUBONGBANUA, LESLYN O. |
| SALVADORA, RAY ALDRIN M. | BADIOLA, JHON DEMBER B. |
| BARROGA, LARYNE AYESSA O. | NACARIO, NICOLE C. |
| BUID, TEODYLYD B. | ORONAN, JULIAN PAUL N. |
| BALISTOY, ANTONIO JR., B. | CASULLA, GERRY T. |
| **GROUP 3** | **GROUP 4** |
| CERILLO, SAHLEE B. | SALCEDO, RECHIE O. |
| QUIAÑO, MA. GENOVIVA N. | CORNELIO, HELEN Z. |
| BAROMA, BEA ANNE P. | FENIS, LARAINE O. |
| IBIAS, JOY M. | TRINIDAD, LAILA M. |
| SUÑGA, TERESA VISSIA B. | ANDALIS, JOANNAH MAE P. |
| DE LEON, CHRISTIA R. | DURANTE, IVY S. |
| SERAFICO, JULIE ANN H. | MARMOL, AVEDEL S. |
| ANICETO, MARLANDO L. | ALBIA, RICKY A. |
| ORACION, GLENNSTIN O. | CABALTEA, IRIS JOY R. |
| CLEMENO, ARIEL L. | ORACION, ARTURO O. |
| **GROUP 5** | **GROUP 6** |
| RAMBOYONG ARTHUR M. | MARPURI, CLAUDIA MARILOU S. |
| MONTAÑEZ, CYNTHIA T. | AZCARRAGA, LOURDES B. |
| BELEN, MARSHIA N. | VARGAS, MARITES D. |
| NAGRAMPA, ENGIE LYNNE H. | IBASCO, LYDIA P. |
| SALDO, SHARON C. | ALCANTARA, SHEILA I. |
| RAMBOYONG, JANET B. | NACARIO, TEODORO JR. R. |
| PAJA, CHERRY ROSE D. | BALISTOY, GENEVA ROSE N. |
| DE LEON, NIGEL O. | SERRANO, ROSALIE R. |
| AGUSTIN, VENUS C. | REGONDOLA, LOLITO G. |
| HESITA, JOEL P. | MASCULINO, MEL CHRISTIAN M. |
| **GROUP 7** | **GROUP 8** |
| TORALDE, FLORENIA C. | GASCON, ALFIE T. |
| PANDES, MARIBEL E. | SERGIO, RICKY B. |
| SADANG, JOHANN REY I. | ROSAL, JHOMER I. |
| VARGAS, SHARA LYN R. | AMPONGAN, SHENA A. |
| DALAGAN, SANTIAGO JR., E. | CABALTERA, MARYLEN A. |
| BITAO, PRINCESS V. | REVINA, RHEA MARGARITA D. |
| BARBONIO, MARY GRACE V. | ESPINOLA, CARL JUSTIN I. |
| PAMPARO, VANESSA A. | MORENO, JOEL B. |
| NAGRAMPA, JEMER JESUS M. | MAGISTRADO, JULYDHEL Y. |
| DACOCO, ELMER I. | OASNON, SANTIAGO NIÑO E. |
| BIEN, VENERANDO JR., C. | VALDERRAMA, PETER ALBERT G. |